

# BUOD NG PAMAMAHALA

Habang ang pandemyang COVID-19 ay nagpapakita ng mga bagong hamon, ang aking opisina ay nakalaang magsagawa ng mga ligtas, malinaw na halalan habang matagumpay na pinananatili ang mga patnubay sa pampublikong kaligtasan mula sa mga Sentro para sa Pagkontrol at Pagpigil sa Sakit at mga pang-estado at lokal na opisyal.

Para sa Abril 7, 2020 na Espesyal na Pagpapaalis na Halalan ng Lungsod ng Westminster, ang utos sa pamamahala ng Gobernador na nagkakaloob ng direksiyon upang isagawa ang halalan bilang isang lahat ay balotang pangkoreo na halalan ay inisyu pagkatapos maipakoreo na sa mga botante ang mga materyal sa halalan. Ang aking opisina ay mabilis na tumugon upang ayusin ang aming pagpapatakbo upang sundin ang utos, kabilang ang pagkansela ng personal na pagboto, pagsasara sa publiko ng ating opisina, pisikal na pagdistansiya, at mga pampublikong paunawa upang ipagbigay-alam sa publiko ang mga pagbabago. Dahil may karanasan sa mabilis na paglipat sa pag-aakma ng mga pagpapatakbo ng halalan, kami ay lubos na nakahanda upang matagumpay na isagawa ang Mayo 19, 2020 na Espesyal na Pagpapaalis na Halalan ng Lungsod ng Santa Ana bilang isang lahat ay balotang pangkoreo na halalan sa sandaling mag-isyu ang Gobernador ng isang katulad na kasunod na Utos sa Pamamahala. Higit doon, nagawa ng aking opisina na patuloy na ipatupad ang mga hakbang sa pampublikong kalusugan sa panahon ng muling pagbilang ng Espesyal na Pagpapaalis na Halalan ng Lungsod ng Westminster at naglilimita ng panganib na mga pagsusuri noong Mayo at Hunyo ng 2020.

Sa aming karanasan sa pagsasagawa ng dalawang halalan sa kapaligiran ng COVID-19 at aming mga paghahanda para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan, itong Ulat sa COVID-19 ay nagkakaloob ng isang basikong pangkalahatang-tanaw sa kung anong mga pagbabago ang kailangan upang ligtas na isagawa ang halalan habang nagpapanatili ng mga sapat na serbisyo para sa mga botante sa isang paraan na umaayon sa kalinawan at integridad. Ang ulat na ito ay sasaklaw sa kung paano nilalayan ng Tagapagrehistro ng County ng Orange na ipatupad ang mga sumusunod:

- Isang pagbawas mula sa 11 araw patungo sa 5 araw para sa personal na pagboto sa mga Sentro ng Pagboto.
- Mga gawain sa kalusugan at kaligtasan na idinisenyo upang panatiliing ligtas ang mga Kinatawan ng Serbisyo sa Parokyano ng Sentro ng Pagboto at mga botante alinsunod sa mga pamantayan sa pampublikong kalusugan ng estado at county.
- Mga hakbang na magagawa ng mga botante upang matiyak na ligtas silang boboto at magbabalik ng kanilang balota.
- Pagsaklaw sa karagdagang wika para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan na iniaatas sa ilalim ng Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan ng California.

Muli kong inaapirma ang aking pangakong unahin ang proteksiyon ng kalusugan at kaligtasan ng mga botante at tauhan habang nagkakaloob ng akses sa pagboto sa isang patas at malinaw na paraan na may integridad.


Matapat,




Neal Kelley  
Tagapagrehistro ng mga Botante  
Orange County, CA

## Sumusuportang Ebidensiya para sa Pagbawas ng 11 Araw na Personal na Pagboto patungo sa 5 Araw

Para sa Marso 3, 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan, ang Tagapagrehistro ng County ng Orange (OCROV) ay nagsagawa ng una nitong pambuong-county na halalan sa ilalim ng modelong Sentro ng Pagboto. Ang pagsusuri ng paglahok ng botante ay nagpakita na ang paglipat sa mga Sentro ng Pagboto ay positibong tinanggap ng mga botante. Ang totoo, ang paglahok sa halalang ito (50.1%) ay ang pinakamataas para sa isang pampanguluhang primaryang halalan mula noong 2000. Bilang karagdagan, 82% ng mga botante ay pumiling bumoto sa pamamagitan ng koreo kontra sa 18% na pumiling bumoto sa isang lokasyon ng personal na pagboto.




Kumpara sa mga nakalipas na malalaking halalan, ang takbo ay nagpapakita na ang pagboto sa pamamagitan ng koreo ay nagiging mas popular at ginagamit ng mga botante bago pa man ang pandemyang COVID-19.



Sa kabila ng pagkakaroon ng mas kaunting lokasyon ng personal na pagboto, ginamit ng mga botante ang kanilang kakayahang bumoto sa alinmang Sentro ng Pagboto at sa mga araw na patungo sa Araw ng Halalan. Ilang botante ang bumisita sa mga Sentro ng Pagboto sa unang pitong araw ng maagang pagboto at naghintay hanggang sa huling weekend bago ang Araw ng Halalan upang ipatala ang kanilang

balota. Maraming paliwanag na tulad ng paghihintay na mangyari ang mga aktibidad na pampulitika at nararamdaman ang pagiging apurahan habang palapit ang huling araw upang ipatala ang isang balota.



Dahil sa kawalan ng katiyakan tungkol sa kung ano ang magbabago sa pagitan ng ngayon at Araw ng Halalan, ang OCROV ay gumagawa ng mga proaktibong hakbang at nagsusuri ng mga takbo ng botante upang pinakamahusay na makapaglingkod sa mga botante upang makapagkaloob ng isang positibong karanasan sa pagboto. Batay sa pagsusuri ng mga takbo ng pagboto, ang kahilingan ng OCROV para sa isang di-buong pagtalikdan na magpatakbo lamang ng mga Sentro ng Pagboto apat na araw bago ang Araw ng Halalan ay nagbabalanse ng pagsuporta sa personal na pagboto at pagbawas ng hindi kailangang paghantad sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto kapag magkakaroon lamang ng napakaliit na bilang ng pangangailangan ng personal na pagboto.

## Mga Pinakamahasay na Gawain sa Kalusugan at Kaligtasan ng Sentro ng Pagboto

Sa kabila ng mga iniaatas dahil sa COVID-19, ang proseso ng pagkalap ng pasilidad ay tradisyunal na pumapabor sa mga pasilidad na nagtataglay ng mas malaking mga silid. Dahil sa mga patnubay sa pisikal na pagdistansiya, ang pangangailangan na kumuha ng mas malaking mga espasyo ay napakahalaga sa pagtiyak ng kaligtasan ng mga tauhan at botante. Sa unang bahagi ng pagkalap, ang OCROV ay magtatrabaho nang malapit sa mga munisipal na kasama at mga pampublikong ahensiya upang matukoy ang lahat ng magagamit na pasilidad.

Bilang karagdagan sa pagtukoy ng mas malaking mga silid ng pagboto, ang OCROV ay maghahangad ng mga pasilidad na may malalaking loteng paradahan upang bigyang-daan ang drive-thru na opsyon sa paghulog ng balota, na sumusuporta sa pisikal na pagdistansiya at lumilikha ng iba pang mga opsyon para maibalik ng mga botante ang kanilang balota. Bilang karagdagan, ang mga pasilidad na kayang mag-alay ng sapat na espasyo sa labas ng isang pasukan ng silid ng pagboto ay kanais-nais dahil ito ay nagpapahintulot sa mga botante na panatilihin ang wastong pisikal na pagdistansiya habang nakapila. Isasaalang-alang din ng OCROV kung ang mga pasilidad na ito ay may maagang nilinaw na mga patnubay o pamamaraan sa COVID-19, tulad ng binagong pinakamataas na pag-okupa para sa mga silid na hinahanap namin.

Dahil sa mga hamong ipinakita ng COVID-9, ang OCROV ay patuloy na iiwas sa paggamit ng mga pasilidad na nagpapanatili at nag-aalay ng mga serbisyo sa mga indibidwal na nasa mas malaking panganib para sa COVID-19, tulad ng mga pasilidad na tirahan ng nakatatanda. Ang OCROV ay sadya ring hindi nagsasama ng mga paaralan mula sa proseso ng pagkalap ng pasilidad bilang isang patuloy na paglalaan sa seguridad ng kampus at sa halip ay inaasinta ang mga opisina ng distrito ng paaralan. Gayunman, ang OCROV ay patuloy na maghahangad ng paglalagay ng mga Sentro ng Pagboto sa mga kampus ng unibersidad, kolehiyo, at kolehiyo ng komunidad.

Ang mga layout ng Sentro ng Pagboto ay kailangang maging sensitibo sa mga pangangailangan ng madaling paggamit ng mga botante, bigyang-daan ang iba't ibang hubog at sukat ng bawat lokasyon ng pagboto, at mga iniaatas na pinakamababang espasyo upang ipahintulot ang pisikal na pagdistansiya sa pagitan ng bawat istasyon ng pagboto, sa loob ng lugar ng pagpila, at sa buong espasyo ng pagboto.

Sa pareho ng online at personal na sangkap ng pagsasanay, ang mga CSR ay bibigyan ng patnubay tungkol sa kung paano wastong lilinisin at ididis-impekta ang Sentro ng Pagboto at mga kagamitan sa pagboto. Hindi lamang ito maghahanda ng mga CSR upang gampanan ang mga gawaing ito habang nagtatrabaho sa isang Sentro ng Pagboto, pero pananatilihin din nito ang mga kagamitan sa pagsasanay na malinis para sa susunod na CSR at kasunod na mga klase sa personal na pagsasanay.

Ang mga karaniwang gawain sa pagbubukas at pagsasara ay kakabisahin sa personal na pagsasanay, upang ang mga kagamitan sa pagsasanay ay makatanggap ng palagiang paglilinis. Ang mga CSR ay papayuhan din na palagiang punasan ang mga karaniwang ginagamit o nahihipong ibabaw sa buong araw. Ito ay kabilang ang, pero hindi limitado sa, mga hawakan, styli, mga mesa ng pagpapatala, kubol ng pagboto, at mga tabing. Ang tungkulin ng bawat tagaasikaso ng CSR ay dapat ihanda upang linisin ang mga panlahat na ibabaw upang panatilihin ang isang ligtas at malusog na kapaligiran sa pagsasanay sa mga Sentro ng Pagboto.

Ang mga CSR ay sasanayin upang sundin ang isang iskedyul ng paglilinis at mga iniaatas sa pagdis-impekta na bumabalangkas sa mga lugar na dapat idis-impekta, kailan dapat gawin ito, dalas at mga bagay na gagamitin sa paglilinis. Ang isang pang-araw-araw na listahan ng dapat tiyakin ay ipagkakaloob sa mga CSR upang gamiting patnubay para sa bawat araw ng panahon ng pagboto.

Upang protektahan ang mga botante na maaaring nasa mas malaking panganib, ang madalas mahipong mga ibabaw at mga kubol ng pagboto ay aatasang idis-impekta sa pagitan ng paggamit. Kabilang dito ang mga madalas mahipong lugar tulad ng: mga ePollbook, styli, barandilya, hawakan ng pinto, kagamitan sa modipikasyon, printer, mesa ng printer, headphone at tactile na tagakontrol sa mga BMD, at ang mga kubol ng pagboto. Ang mga itinatapon pagkagamit na pen at isang-paggamit na itinatapon pagkagamit na pantakip ng tainga para sa mga headphone ay ipagkakaloob upang ang bawat botante ay may akses sa isang hindi pa nagamit at malinis na kagamitan.

Ayon sa §14201 ng Kodigo sa mga Halalan, ang OCROV ay inaatasang magkaloob ng mga isinaling sangguniang balota sa mga inaasintang presinto at isang tanda na nagpapatid na ang mga isinaling sangguniang balota sa Tagalog, Farsi (Persian), Hapon, Hindi, at Gujarati ay makukuha sa mga inaasintang presinto. Ang mga isinaling sangguniang balota ay ilalagay sa isang binder sa isang mesa sa bawat Sentro ng Pagboto at ang mga kopya ay makukuha bilang isang sangguniang patnubay para sa mga botante. Bilang karagdagan sa pagtanggap ng isang isinaling sangguniang balota sa isang Sentro ng Pagboto, ang mga botanteng nagpapatid na gusto ng mga isinaling materyal sa halalan sa isa sa mga tinukoy na wika at nakarehistro sa isang address na isang inaasintang presinto ay padadalhan ng isang isinaling sangguniang balota. Bilang resulta ng COVID-19, ang mga isinaling sangguniang balota ay ilalamina upang madaling mapunasan ang mga ito at madis-impekta sa pagitan ng paggamit.

Bilang karagdagan, ang OCROV ay magpapatupad ng mga sumusunod sa lahat ng lokasyon ng Sentro ng Pagboto upang protektahan ang mga maaaring nasa mas malaking panganib ng COVID-19:

- Mga personal na nagpoprotektang kagamitan para sa mga CSR (sanitizer ng kamay, mga guwantes, takip ng mukha, kalasag ng mukha, tisyu)
- Dinamihang mga tandang nagpapaliwanag ng mga protokol sa pisikal na pagdistansiya habang nasa loob at labas ng mga Sentro ng Pagboto.
- Dinamihang mga oportunidad para sa pagboto sa tabi ng bangketa (kung saan posible)
- Mga oportunidad para sa pagboto sa pamamagitan ng drive-thru na paghuhulog ng balota
- Paglilinis ng mga suplay upang suportahan ang pana-panahong pagdis-impekta ng lahat ng kagamitan sa pagboto kabilang ang lahat ng kagamitan sa modipikasyon (maaaring kabilang dito ang mga pamunas na pandis-impekta, papel na tuwalya, hindi hinahawakang tapunan ng basura, pandis-impekta ng tela)
- Itinatapon pagkagamit na mga bagay upang bawasan ang maraming kontak sa pagitan ng mga botante (mga pantakip ng tainga para sa mga headphone, pen, folder para sa paglilihim)
- Ang sanitizer ng kamay ay ihahanda
- Ang tagabigay ng sticker na "I Voted" upang hindi kailanganin ng isang CSR na manwal na mag-abot sa mga botante o iwan bilang rolyo para hipuin ng maraming botante
- Promosyon ng mga digital na tagatulong tulad ng VIG at Halimbawang Balota

Gaya ng nakabalangkas sa itaas, ang OCROV ay gagawa ng lahat ng kailangang pag-aakma sa mga pagpapatakbo ng Sentro ng Pagboto upang unahin ang kalusugan at kaligtasan ng mga tauhan at botante upang makapag-alay ng ligtas, madaling magamit, at protektadong personal na mga opsyon sa pagboto sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan.

## Mga Opsyon sa Ligtas na Pagboto

### Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Bawat nakarehistrong botante sa California ay tatanggap ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ayon sa Panukalang-batas ng Asembleya 860. Ang County ng Orange ay kumuha ng mga kagamitan at nagsapanahon ng mga pagpapatakbo nito para sa Marso 3, 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan upang matagumpay na magpakoreo ng isang balota sa bawat botante. Ang OCROV ay may kailangang mga kagamitan at karanasan upang gawin itong muli para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan.

Ang pagpapakoreo ng balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo ay magsisimula sa Martes, Oktubre 5, 2020 at kukumpletuhin sa loob ng limang araw. Upang alamin ang katayuan ng kanilang balota, ang mga botante ay maaaring gumamit ng sistema ng pagtunton ng balota ng OCROV, OC Ballot Express, para sa tunay na panahon na mga pagsasapanahon tungkol sa kung kailan ang kanilang balota ay aalis sa OCROV, matatanggap ng Serbisyong Postal ng US, ilalabas para sa paghahatid, nasa daan pabalik sa OCROV, at kung ito ay naproseso at natanggap na. Ang mga paunawa ay matatanggap sa pamamagitan ng email o text depende sa gusto ng botante.

### Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo

Ang pagpasa ng Panukalang-batas ng Asembleya 860 ay nagpapahintulot sa sinumang botante na ipatala ang kanilang mga balota sa pamamagitan ng sistema ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo (RAVBM) na dating limitado sa mga botanteng may kapansanan, mga botanteng nasa ibang bansa, at mga botanteng militar. Dahil doon, ang pagmensahe sa mga botante ay magbabago upang ipagbigay-alam sa kanila ang opsyong ito sa pagboto. Sa isang espesyal na halalan kamakailan, ang pagmensahe ng RAVBM ay pinalitan ng: “ang balota ng Malayuang Madaling Magamit na Pagboto sa Pamamagitan ng Koreo ay nagkakaloob sa mga botanteng may kapansanan, sa mga may epektong medikal dahil sa COVID-19, at mga botanteng nasa ibang bansa ng opsyon na humiling ng isang balota ng pagboto sa pamamagitan ng koreo na ihahatid sa paraang elektronikal.” Kung nakatulong man ang pagmengaheng ito, ang pagmensahe ay kailangang baguhin upang tanggalin ang salitang “medikal” para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan. Ito ay magbabawas ng anumang pagkalito na ang isang botante ay dapat na nasa ilalim lamang ng quarantine o may COVID-19 upang magamit ang opsyong ito sa pagboto.

Mahalagang mahanap ng mga botante ang impormasyon tungkol sa RAVBM nang madali sa website ng OCROV. Sinusubukan ng OCROV ang pagbuo ng mas simpleng pagmensahe na kasama sa anumang komunikasyong ipinadadala sa RAVBM; halimbawa, “lakses, ilimbag, markahan at ipakoreo ang iyong balota mula sa tahanan sa pamamagitan ng paggamit ng RAVBM.” Ang malinaw at maikling pagmensahe ay ipagkakaloob sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante (VIG), sa aming website, sa portal ng RAVBM, at sa aming mga plataporma ng social media. Ang posibleng ibang mga materyal na pang-edukasyon, tulad ng mga video at flyer na pang-impormasyon ay maaaring buuin at ibahagi sa mga plataporma sa social media ng OCROV at ipadala sa aming mga kasama sa madaling paggamit para sa karagdagang pakikipag-ugnayan.

### Mga Kahong Hulugan ng Balota

Ang mga botante ay magkakaroon ng kakayahang ihulog ang kanilang balota sa 110+ na kahong hulugan ng balota na maginhawang matatagpuan sa buong County ng Orange na bubuksan sa publiko 24/7 pagkatapos ipakoreo ang mga balota. Halos lahat ng kahong hulugan ng balota ay ilalagay sa mga

katulad na lokasyon na ginamit ng mga botante sa Marso 3, 2020 na Pampanguluhang Primaryang Halalan. Bilang karagdagan, ang listahan ng mga kahong hulugan ng balota ay ililista sa Patnubay na Impormasyon para sa Botante at online sa [ocvote.com](http://ocvote.com).

Kapag kumukuha ng mga balota mula sa mga kahong hulugan ng balota, ang bawat Pangkat ng Pagkolekta ng Balota ay magdadala ng mga suplay ng panlinis upang linisin ang Kahong Hulugan ng Balota. Kabilang dito ang magagamit sa lahat na pangwilig na panlinis, isopropyl alcohol, mga basahang panlinis, sponge na panlinis at nitrile na mga guwantes. Ang mga balota ay ikinakarga sa sasakyan habang inoobserbahan ng parehong tauhan. Ang pangkat ay laging nagpapanatili ng kontak sa radyo sa OCROV kapag dumarating at umaalis sila mula sa lokasyon ng kahong hulugan ng balota.

### Personal na Pagboto sa mga Sentro ng Pagboto

Sa mga hakbang na ginagawa ng OCROV upang itaguyod ang kalusugan at kaligtasan sa mga lokasyon ng personal na pagboto, mangyaring sumangguni sa naunang seksyon sa Mga Pinakamahusay na Gawain sa Kalusugan at Kaligtasan ng Sentro ng Pagboto.



## Pagsaklaw sa karagdagang wika para sa edukasyon at pakikipag-ugnayan na iniaatas sa ilalim ng Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan ng California.

Ang mga komunidad ng iba't ibang tao sa County ng Orange ay tumatanggap ng mga balita at impormasyon mula sa iba't ibang pinagkukunan, kabilang ang mga media outlet ng wika. Ang OCROV ay naglaan ng mga full-time na tauhan upang maglingkod bilang mga tagapamagitan sa mga komunidad ng wika at nakabuo ng malalakas na relasyon sa mga media partner ng wika sa mga komunidad na nagsasalita ng Espanyol, Tsino, Biyetnamis, Koreano, Farsi (Persian), Tagalog, Gujarati, Hindi, at Hapon. Ang impormasyon tungkol sa parating na halalan at ang walang-bayad na nakahandang linya ng tulong sa botante ay ibabahagi sa mga media partner ng wika.

Ang OCROV ay bumubuo ng isang suite ng higit sa 70 video na may iba't ibang haba at tema (isinalin sa lahat ng iniaatas na wika). Ang mga video ay magbibigay ng impormasyon at tagubilin tulad ng pagbibigay ng paunawa sa mga botante ng tungkol sa petsa ng halalan at iba't ibang opsyon para sa pagbabalik ng balota. Ang pagsasapelikula ay isasagawa sa iba't ibang lugar sa buong County ng Orange, magpapakita ng isang layout ng Sentro ng Pagboto habang sinusunod ang pisikal na pagdistansiya at kung paano magagawa ng mga botante na ligtas na ipatala at ibalik ang kanilang balota. Ang mga video ay may bukas na kapsiyon at nasa madaling makuhang format na magagamit ng mga botanteng mahina ang pandinig o bingi at mga botanteng bulag o mahina ang paningin. Bilang karagdagan, ang mga video ay irekord sa audio sa Espanyol, Biyetnamis, Tsino, Koreano, Farsi (Persian), Gujarati, Hindi, at Tagalog. Ang nilalaman ay ipagkakaloob sa pangkalahatang mga media partner at mga media partner ng wika.

Upang suplementuhan ang personal na suporta sa mga botanteng humihiling ng tulong sa wika, ang pagkomperensiya sa video ay makukuha upang magkaloob ng tulong sa iba't ibang wika sa lahat ng Sentro ng Pagboto. Ito ay titiyak na magagawa ng mga botanteng nangangailangan ng tulong sa wika na makipag-ugnayan sa mga sinanay na tauhan na may dalawang wika na kayang pabigkas at biswal na gumabay sa botante upang makabuluhang lumahok sa proseso ng pagboto, kahit na walang tauhang may dalawang wika na pisikal na nasa Sentro ng Pagboto. Ang suporta sa pamamagitan ng telepono ay makukuha rin depende sa gusto ng humiling na botante.

Panghuli, ang OCROV ay mangangasiwa ng mga workshop sa dalawang wika sa mga kasama sa komunidad (sa Ingles at/o sa Tagalog kapag posible) ayon sa Seksyon 203 ng Batas sa mga Karapatan sa Pagboto at Seksyon 14201 ng Kodigo sa mga Halalan sa Agosto at Setyembre 2020 upang ipagbigay-alam sa mga komunidad ng wika ang mga parating na pagbabago sa pagboto at mga halalan para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan. Ang mga posibleng kasama sa komunidad ay natukoy na at ang pagpapalano ay nasa proseso sa panahon ng publikasyon.

## Kongklusyon

Sa panahon ng publikasyong ito, ang pagpapalano ay malayo na, at ang mga pagbabago ay mabilis na nangyayari habang ang mga entidad ng pamahalaan tulad ng Kalihim ng Estado ay naglalabas na ng karagdagang patnubay at mas marami na ang nalalaman tungkol sa COVID-19. May limitadong panahon upang makuha ang mga lokasyon ng personal na pagboto, ihanda ang mga kagamitan, at makuha ang mga materyal at suplay, naniniwala kami na ang aming pagsusuri at pagsisikap ay bumubuo ng isang malakas na kaso na ang mga pangangailangan sa personal na pagboto ay matutugunan hanggang limang araw ng mga pagpapatakbo ng Sentro ng Pagboto sa lahat ng lugar.

Ang mga karagdagang pagsisikap upang protektahan ang kalusugan at kaligtasan ng mga botante at tauhan ay ipatutupad habang lumilitaw ang mga bagong hamon at nagbabago ang mga kalagayan. Batay sa kung ano ang alam na at maaaring asahan, proaktibong hinahangad ng OCROV na iposisyon ang County ng Orange bilang pagtugon sa mga hamon sa pampublikong kalusugan sa panahong ito ng mabilis na nagbabagong krisis sa pamamagitan ng mga sumusunod:

- Pagkakaloob ng isang-beses na magagamit na mga suplay para sa personal na pagboto, tulad ng mga pen, nagdidis-impektang pamunas at mga takip ng mukha para sa mga botante upang itaguyod ang kalusugan at kaligtasan
- Pag-aayos ng mga birtuwal na oportunidad para sa mga kandidato at miyembro ng publiko upang tumanggap ng mga serbisyo at impormasyon
- Pagbuo ng mga paraan para sa publiko upang ligtas na sundin ang proseso ng mga halalan sa tahanan o sa opisina
- Paglikha ng malayuang mga oportunidad sa pag-aaral para sa mga tauhan ng Sentro ng Pagboto at pagsasaayos ng personal na pagsasanay upang matugunan ang mga patnubay sa pisikal na pagdistansiya at kaligtasan.
- Pagsunod sa pisikal na pagdistansiya sa pamamagitan ng mga iniaatas sa pampublikong akses, paghahanda ng mga appointment para sa tulong
- Pagpapatupad ng isang komprehensibong plano sa media at pakikipag-ugnayan upang ipagbigay-alam sa publiko ang mga pagbabago sa pagboto at mga halalan at kung paano ligtas na ipatatala at ibabalik ang isang balota

Sa aming karanasan sa pagsasagawa ng dalawang halalan sa kapaligiran ng COVID-19 at aming mga paghahanda para sa Nobyembre 3, 2020 na Pampanguluhang Pangkalahatang Halalan, naniniwala kami na ang kakayahang mag-akma at mga modipikasyon ay kailangan upang ligtas na isagawa ang halalan habang nagpapanatili ng mga sapat na serbisyo para sa mga botante sa isang paraan na umaayon sa kalinawan at integridad.